## Kuwento 7 : Josue

**Talata sa Bibliya [Josue 6:20a]**

**Kaya't hinipan nga ng mga pari ang mga trumpeta at nagsigawan nang napakalakas ang mga tao nang marinig iyon. Bumagsak ang mga pader ng lunsod.**

Si Moses na namuno sa mga Israelita ay pumanaw bago pa makapasok ang mga Israelita sa Canaan, kaya't ang Panginoon ay nagtalaga ng bagong mamumuno, ang kaniyang pangalan ay Josue. Nangako ang Diyos na sasamahan niya si Josue.

Pumili si Josue ng dalawang espiya na magmamasid sa lupain ng Jericho.

Ang babaeng nagngangalang Rahab ang tumulong sa dalawang esipiya upang makapagtago sa kaniyang tahanan.

Ang hari ng Jericho ay lubhang nagalit ng marinig niya na ang mga espiya ng Israelita ay nasa Jericho at iniutos niya sa kaniyang mga alagad na hulihin at dalhin ito sa kanya. Ngunit, tinulungan ni Rahab ang dalawang espiya na makatakas.

Hiniling ni Rahab sa mga espiya na iligtas ang kanyang buhay at ang buhay ng kanyang pamilya nang sila ay bumalik upang sakupin ang Jericho. Ipinangako ng mga espiya kay Rahab na tutuparin niya ang kaniyang pangako at sila'y aalis ng ligtas mula sa Jericho.

Pagkatapos ng apatnapung taon ng paglalakbay sa disyerto, ay naparoon na sa ilog Jordan ang mga Israelita na umaagos malapit sa lupang ipinangako ng Diyos, ang Canaan.

Upang makapasok sa Canaan, kinailangan nilang tumawid sa ilog Jordan, ngunit walang bangka o tulay na makakatulong sa kanilang pagtawid. Ang pagtawid sa ilog na may malakas na agos ay tila imposible.

Kinausap ng Panginoon si Josue. "Ngayon, sisimulan kitang ipagmalaki sa paningin ng buong Israel, upang malaman nilang ako ay sumasaiyo gaya ng pagsama ko kay Moses. Sabihin mo sa mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan na tumayo sa ilog Jordan. Kapag ginawa nila ito, ang ilog ay magiging payapa."

Ang saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan ay tumapak sa ilog.

Ang malakas na agos ng tubig ng ilog ay naging payapa at ang tubig ay nahati sa harap ng mga Israelita at nakalagad sila sa tuyong bahagi ng ilog.



Kinausap ng Panginoon si Josue na nakatayo sa harap ng Jericho.
"Sasakupin mo ang Jerico. Ikaw ay magmamartsa sa paligid ng lungsod ng isang beses kasama
ang lahat ng mga armadong lalaki.
Gawin ito sa loob ng anim na araw. Ipadala sa mga pari ang mga trumpeta ng mga sungay ng tupa, ngunit ang iba ay dapat na tumahimik. Sa ikapitong araw, magmamartsa sa palibot ng lungsod ng pitong ulit, habang ang mga pari ay tumutugtog ng mga trumpeta. Kapag narinig mo silang humihip ng mahabang trumpeta, kailangang sumigaw ang buong hukbo; pagkatapos ay guguho ang mga pader ng lungsod."
Ginawa ni Josue at ng mga Israelita ang sinabi ng Panginoon.
Ang mga pader ng lungsod ay nagsimulang gumuho.
Ang Jericho ay tuluyan ng gumuho at namatay ang lahat sa loob ng mga pader.
Subalit gaya ng ipinangako ng Panginoon, niligtas ng Diyos si Rahab, na siyang tumulong sa dalawang espiya at sa kaniyang pamilya.
Si Josue at ang mga Israelita na sumunod sa salita ng Diyos ay nakapasok at namuhay sa lupain ng Canaan.



**Gawain 1.** **Sagutin ang mga sumusunod na tanong.**

a. Pagkamatay ni Moses, sino ang hinirang ng Diyos bilang pinuno para pamunuan ang mga Israelita sa lupang pangako?

b. Ano ang sinabi ng Diyos kay Josue upang pangunahan ang mga Israelita sa lupang pangako?

c. Basahin ang Josue 2:8-14 at sagutin: Bakit itinago ni Rahab ang dalawang espiya, at ano ang hiniling niya dahil naawa siya sa kanila?

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Joshua 6:20a)**

**Kaya't hinipan nga ng mga pari ang mga trumpeta at nagsigawan nang napakalakas ang mga tao nang marinig iyon. Bumagsak ang mga pader ng lunsod.**



## Gawain 2.

Hanapin ang mga salita sa hanap salita

Josue, Trumpeta, Jericho, martsa, anghel, pito, pari

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | J | O | S | U | E | A | A | A | A | J | G |
| P | R | D | E | E | K | S | C | L | N | I | P |
| M | I | C | S | H | N | A | I | B | G | V | A |
| A | D | A | A | O | L | O | C | L | H | H | R |
| R | E | N | N | D | O | T | I | R | E | E | I |
| T | S | G | J | J | E | R | I | C | L | O | S |
| S | S | E | J | E | R | I | C | H | O | S | T |
| A | E | L | L | H | O | F | P | S | E | U | S |
| J | E | A | O | A | O | Y | A | A | S | C | R |
| J | D | A | H | P | I | T | O | N | C | R | G |
| A | B | T | O | R | R | H | P | A | N | F | O |
| T | B | T | R | U | M | P | E | T | A | W | P |

